

“PILIIN NINYO ANG BUHAY”

ISYU

Ipinag-uutos ng Diyos na piliin natin ang buhay sa pamamagitan ng laging pagsunod sa Kaniyang mga kautusan at pananatiling tapat sa Kaniya anuman ang ating sitwasyon.

MGA LAYUNIN

1. Ipaunawa na bilang mga hinirang ng Diyos ay hindi tayo dapat tumulad sa mga taga-sanlibutan sa pagharap sa mabibigat na suliranin.
2. Ituro na ang Diyos mismo ang may nais na ang piliin natin ay ang buhay dahil nakasalalay dito ang ating kaligtasan.
3. Hikayatin ang Iglesia na tularan ang ginawa ni Cristo na pinili ang buhay sa pamamagitan ng pagsunod at pagiging tapat sa Diyos.
4. Bigyang-inspirasyon ang mga kapatid na gaano man kabigat ang suliranin ay huwag hihiwalay sa pagsunod dahil hindi sila pababayaang ng Diyos.

PANIMULA

Walang pag-aalinlangan na napakalapit na ng Araw ng Paghuhukom at tayong mga kaanib sa Iglesia Ni Cristo ang tiyak na maliligtas. Subalit habang naglalakbay pa tayo rito sa mundo ay nakakasagupa tayo ng maraming balakid o hadlang sa pagkakamit natin ng mabuting kapalaran. Marami ring mga suliranin sa araw-araw ang bumabagabag sa buhay ng tao. Napakahalaga na sa gitna ng ganitong uri ng buhay ay matutuhan natin ang matalino at wastong pagpapasiya. Bakit?

PASIMULA:

ANO BA ANG KARANIWANG NANGYAYARI SA TAO KAPAG NABABAGABAG SIYA NG MARAMING SULIRANIN?

1. *Nalilito Awit 55:3 BMB*

Sa maraming banta ng mga kaaway, nalilito ako't hindi mapalagay. Ang dulot sa akin nila'y kaguluhan, namumuhi sila't may galit ngang tunay.

- Kapag maraming banta ang mga kaaway, ang tao ay nalilito, hindi mapalagay, at naguguluhan. Sino ba ang pangunahing kaaway ng ating pananampalataya? Ang diablo, at marami siyang lalang at kasangkapan para pinsalain ang ating pag-asa

- Bilang mga tao na kabilang sa bayan ng Diyos, dapat ba tayong magkaganito?

T. Ano ang itinuturo sa atin ng mga apostol kapag tayo ay nasa kagipitan at may mabibigat na suliranin?

2. *Hindi dapat mawalan ng pag-asa dahil hindi pababayaang ng Diyos..... II Cor. 4:8-9 SNB*

Madalas kaming nagigipit, subalit hindi nalulupig. Nalilito kami kung minsan, subalit hindi nawawalan ng pag-asa. Marami ang umuusig sa amin, subalit hindi kami pinababayaang ng Diyos. Nadadapa kami, subalit bumabangon din at nagpapatuloy.

- Ayon kay Apostol Pablo, bilang tao na nagsisipaglakbay pa sa mundo, tayo ay madalas na nagigipit, minsang nalilito, humaharap sa maraming pag-uusig, at may pagkakataong nadarapa rin. Subalit bilang mga Iglesia Ni Cristo na naglalakbay patungo sa kaligtasan, ano ang hindi natin dapat na payagang mangyari? Ang malupig tayo ng kagipitan at mahulog sa kawalan ng pag-asa. Sa halip, ano ang dapat nating tandaan, marami at matindi man ang mga pag-uusig? Hindi tayo pababayaang ng Diyos.
- Kaya anuman ang masagupa natin dito sa mundo, bilang mga lingkod ng Diyos ay hindi tayo susuko; madapa man tayo ay muli tayong babangon at magpapatuloy.

T. Ano ang dapat nating panaligan na gagawin ng Diyos kapag nahaharap tayo sa iba't ibang suliranin?

S. Tuturuan at papayuhan Awit 32:8 NPV

Tatagubilinan kita at ituturo ko sa iyo ang daang dapat mong lakaran; papayuhan kita at babantayan.

- Hindi man maiiwasan ang mga suliranin subalit nakapagpapalakas naman ng loob ang mga pangako ng Diyos sa atin na mga lingkod Niya. Anu-ano ang mga ito? Kapag tayo ay nagigipit, tatagubilinan Niya tayo. Kapag inaabot tayo ng pagkalito, ituturo Niya ang daang dapat nating lakaran. Kapag inuusig tayo at inaabot ng kabiguan ay papayuhan at babantayan Niya tayo.
- Ano ba ang tinutukoy na payo ng Diyos na igagabay Niya sa atin

I. ANO ANG ITINUTURO SA ATIN NG DIYOS UPANG HUWAG TAYONG MAGKAMALI SA ATING PIPILIIN ANUMAN ANG ATING MASAGUPA SA BUHAY NA ITO?

1. “Piliin ninyo ang buhay”Deut. 30:15 at 19 BMB

Binibigyan ko kayo ngayon ng pagpipilian: buhay o kamatayan; kasaganaan o kahirapan; ... Saksi ko ang langit at ang lupa na ngayo’y inilahad ko sa inyo ang buhay o kamatayan, at ang pagpapala o sumpa. Kaya, piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay mabuhay nang matagal.

- Ang Diyos mismo ang nagsabi sa atin na ang piliin natin ay ang buhay. Kahit noon pa sa unang bayan Niya ay ito na ang Kaniyang ipinapili at ito rin ang dapat nating piliin ngayon; huwag ang kamatayan. Ano ba ang kalakip ng buhay kaya ito ang dapat nating piliin? Ang mga pagpapala. Sino ang dapat na manguna sa pagpili sa buhay at pagpapala? Ang mga magulang, kaya nga ang sabi, “Piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay mabuhay nang matagal”
- Kaya dapat na matawagan dito ng pansin ang lahat ng magulang. Ang inyong buong sambahayan ay dapat na iisalang ang maging pasiya para walang sinumang mamatay at masumpa—ang pagpili sa buhay.

T.Papaano ba ang pagpili sa buhay?

2. Ang pagpili sa buhay Deut. 30:20 BMB

Ibigin ninyo si Yahweh, sundin siya at manatiling tapat sa kanya upang kayo at ang inyong salinlahi ay mabuhay nang matagal sa lupaing ipinangako niya sa ninuno ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob.

- Ang pagpili sa buhay ay sa pamamagitan ng pagsunod at pananatiling tapat o *loyal* sa Diyos. Ano ang kabutihan ng katapatan at pagsunod sa Diyos? Ito ang may maaasahang buhay sa lupaing ipinangako ng Diyos. Sa panig nating mga Iglesia Ni Cristo, alin itong lupaing ipinangako? Ito ang Bayang Banal na kung saan ang magiging buhay natin doon ay ibang-iba sa buhay natin dito sa mundo ngayon. Bakit? Dahil doon ay wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, hirap, kalungkutan, at sakit dahil lilipas na ang mga ito (Apoc. 21:1-

II. SINO ANG HALIMBAWA NG PUMILI NG KAMATAYAN AT SINO ANG HALIMBAWA NG PUMILI NG PAGPAPALA?

1. *Ang pumili ng kamatayan..... Gen. 3:1-6 MB*

Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ni Yahweh. Minsa'y tinanong nito ang babae, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kang kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan?" ²Tumugon ang babae, "Hindi naman! Ipinakakain sa amin ang anumang bunga sa halamanan, ³huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Pag kami raw ay kumain ng bunga nito o humipo man lamang sa punong iyon, mamamatay kami." ⁴ "Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay," wika ng ahas. ⁵ "Gayon ang sabi ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon, magkakaroon kayo ng pagkaunawa. Kayo'y magiging parang Diyos; malalaman ninyo ang mabuti at masama." ⁶Napakaganda sa paningin ng babae ang punongkahoy at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Nabuo sa isipan niya na mabuti ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain. Kumuha rin siya para sa kanyang asawa, at kumain din ito.

- Ang pagpili sa kamatayan ay ang katulad ng pagpili na ginawa noon nina Adan at Eva—ang mga unang tao na nilalang ng Diyos at inilagay sa mabuting kalagayan ng pamumuhay sa halamanan ng Eden. Ano ang mahigpit na ipinag-utos ng Diyos sa kanila upang makapamalagi sana sila sa halamanan ng Eden at sa mabuting pamumuhay roon? Huwag nilang kakainin ang bunga ng punongkahoy na nasa gitna ng halamanan. Subalit nang dumating ang manunukso o ang diablo ay nagawa ba ng mag-asawa ang wastong pagpili? Hindi. Ano ang katunayan? Nilabag nila ang utos ng Diyos at kinain ang bunga ng punongkahoy na ipinagbabawal ng Diyos na kainin nila. Ano ang katumbas ng kanilang ginawa? Hindi sila naging tapat sa Diyos. Kaya ano ang nangyari sa kanila bunga ng hindi pagsunod? Sila ay pinalayas sa halamanan ng Eden, sinumpa ang kanilang pamumuhay, at nagkaroon na ng kamatayan ang tao mula noon, anupa't nahawalay ang tao sa buhay na gusto ng Diyos.
- Ano ang pinatutunayan nito sa atin? Ang paglabag o hindi

diablo ang aral ng Diyos, nilabo ito, at pinalitaw na ang aral ng Diyos ay hindi totoo.

■ **Kaya kapag may humikayat sa atin na nilalabo sa ating isipan o pinapag-aalinlangan tayo sa mga aral ng Diyos na ating tinanggap, tulad ng kahalagahan ng pagdalo sa pagsamba, pagtulong sa gawaing pagpapalaganap, buong kayang paghahandog, at sa ganap na pagpapasakop sa Pamamahala ng Iglesia, ay dapat tayong matawagan ng pansin at maging matalino dahil may kinakasangkapan ang diablo para tayo dayain.**

■ Ano pa ang taktikang ginamit ng diablo kaya nadaya ang mga unang tao? **Ang ipinangtukso niya ay maganda at mabuti sa tingin ng tao subalit labag sa utos ng Diyos.** Kaya dapat ay matuto na tayo sa nangyari sa kanila. **Hindi lahat ng gusto natin at inaakala nating oportunidad ay pipitasin natin o susunggaban dahil baka panunukso na pala ito ng diablo sa atin.** Halimbawa, hanapbuhay na malaki ang kikitain subalit hindi ka naman makatutupad ng tungkulin o hindi makasasamba. Nanliligaw sa nagtataglay ng mga hinahanap mong katangian subalit taga-sanlibutan naman. Karunungan o ideolohiya na ang itinataguyod ay papalayo na o baka sumasalungat pa nga sa mga itinuturo ng Biblia, at iba pa. Huwag tayong paaakit sa mga ito dahil kawalan ito ng katapatan sa Diyos at pagpili ito sa kamatayan.

T. Sino naman ang mabuting halimbawa ng pumili sa buhay?

2. *Ang pumili ng pagpapala Mat. 4:2-4 at 8-11 SNB*

Apatnapung araw na hindi Siya kumain kaya't Siya'y gutom na gutom. Dumating si Satanas at sinabi sa Kanya: "Kung Ikaw nga ang Anak ng Dios, gawin mong tinapay ang mga batong ito." Sumagot si Jesus, "Sinasabi ng Kasulatan: Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salita ng Dios." ... Pagkatapos, dinala naman Siya ni Satanas sa tuktok ng isang napakataas na bundok, at ipinakita sa Kanya ang lahat ng mga bansa sa lupa, at ang kanilang kariktan. "Ang lahat ng iyan ay ibibigay ko sa Iyo," wika niya, "kung luluhod Ka at sasamba sa akin." "Lumayas ka, Satanas!" sinabi ni Jesus sa kanya. "Sinasabi ng Kasulatan, Ang Dios lamang ang inyong sasambahin; Siya lamang ang inyong susundin." Umalis si Satanas, at dumating ang mga anghel at naglingkod kay Jesus.

Hindi Siya nalinlang, hindi Siya nagkasala, at nagawa Niyang ang piliin ay ang buhay.

- Kaya huwag kung kani-kanino tayo makikinig at susunod. Ang mga aral ng Diyos lamang ang dapat nating pakinggan at sundin. Sino ba ang pinagtiwalaan ng Diyos na magturo sa atin ng Kaniyang mga salita? Ang Pamamahala sa Iglesia, kaya sa kanila tayo dapat makinig at sumunod (Col. 1:25). **Ang pagpapasakop at pagsunod natin sa Pamamahala ay pagpapasakop at loyalty natin sa Diyos** (Heb. 13:17; I Juan 1:3).
- Ano ang isa sa mga aral ng Diyos na pinanghawakan ni Cristo? Ang nasa Kasulatan na, “Ang Diyos lamang ang inyong sasambahin; Siya lamang ang inyong susundin.” Kaya ito rin ang laging itinuturo at ipinapaalala sa atin ng Pamamahala. Ang nakasulat sa Biblia ay huwag nating pababayaang pagdalo sa “ating” mga pagkakatipon o pagsamba (Heb 10:25 MB). Pansinin natin na ang dapat nating daluhan ay ang “ating” mga pagsamba sa loob ng Iglesia Ni Cristo at hindi ang pagsamba ng mga itiniwalag o nasa labas ng Iglesia. Kaya kapag inaanyayahan tayo ng iba na daluhan ang “kanilang” pagsamba huwag tayong sasama. Hindi iyon ang tunay na pagsamba sa Diyos dahil hindi magagawa ng tao ang tunay na pagsamba sa labas ng tunay na Iglesia. Matuto tayo sa halimbawang iniwan ni Cristo—manghawak tayong matibay sa aral ng Diyos para huwag na tayong madaya. Ito ang matalinong pagpapasiya—tulad ng pagpapasiya ng Panginoong Jesucristo.

III. ANO NAMAN ANG ITINUTURO SA ATIN NG BIBLIA PARA HUWAG TAYONG MADAIG NG MGA SULIRANIN?

1. Tanawin ang kaligayahan sa langit II Cor.4:18 TLB

Kaya hindi kami nakatingin sa mga bagay na nakikita namin ngayon, sa mga bagabag na nasa paligid namin, kundi nakatanaw kami sa mga kaligayahan sa langit na hindi pa namin nakikita. Di magluluwat, ang mga bagabag ay matatapos na, ngunit ang mga kaligayahang darating ay magtatagal magpakailanman.

- Sundin natin ang itinagubilin ng mga apostol na ang tingnan natin ay hindi ang mga bagay na nakikita. Alin ba ang mga nakikita natin dito sa mundo? Ang mga kabagabagan sa ating paligid. Sa halip, ano ang dapat na lagi nating tanawin? Ang

kabila ng mga ito ay Siya pa rin ang ating pipiliin at susundin.

T. Ano ang dapat nating hilingin sa Diyos upang mapagtagumpayan natin ang mga bagabag at suliranin nang sa gayon ay makapamalagi tayo sa pag-asa sa buhay na walang hanggan?

2. Ang dapat hilingin Awit 57:1-3 MB

¹Mahabag ka, O aking Diyos, ikaw sana ay mahabag; Sa 'yo ako lumalapit upang ako ay maligtas, Pagkat aking nasumpungan sa lilim ng iyong pakpak, Ligtas ako sa panganib hanggang ito ay lumipas. ²Yaong aking tinatawag, ang Diyos sa kalangitan, Ang Diyos na nagdudulot ng lahat kong kailangan, ³Magmula sa kalangitan, diringgin ang aking hibik, Ang lahat ng kaaway ko'y lubos niyang magagahis; Ang tapat n'yang pagmamahal at matatag na pag-ibig, Ihahayag ito ng Diyos, sa aki'y di ikakait.

- Hilingin natin ngayon sa Diyos na mahabag Siya sa atin, lapitan Niya tayo, at iligtas hanggang sa ang mga panganib ay lumipas. Subalit sino ang ililigtas ng Diyos? Ang tatawag na taglay ang matibay na pag-asa na ang Diyos ang magdudulot ng lahat niyang kailangan. Kaya wala tayong dapat ipag-alala gaano man karami o kalubha ang mga suliranin dahil nasa Diyos ang lunas sa lahat ng ito. Ano ang dapat nating pakatandaan para tamasahin nating lagi ang pagmamahal at pagtulong ng Diyos? Ang tapat Niyang pagmamahal ay para sa mga taong tapat din sa Kaniya.

KONKLUSYON

Sa panahong ito na napakarami ng suliranin at kahirapan, kabikabila ang kaguluhan, at naglipana ang mga lalang ng diablo para agawin tayo sa kaligtasan, lalong magandang pagkakataon ito na patunayan ang katapatan sa Diyos. Sa bawat sitwasyon ng buhay na ating pagdaraan, magpabagu-bago man ang mga ito, huwag na huwag mababago ang ating paninindigan—susunod at buong kasiglahan pa rin tayong maglilingkod sa Diyos. Ito ang pagpili natin sa buhay na walang hanggan.